

Kalakasan, Kahinaan, Oportunidad at Banta ng Programang Philippine Track ng Busan University of Foreign Studies: Mga Implikasyon sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Labas ng Pilipinas¹

Gerard P. Concepcion

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

ABSTRAK

Dalawa ang pangunahing tulak ng papel na ito: una, maitanghal ang Programang Bachelor of Arts in Filipino ng Busan University of Foreign Studies bilang isang panandang-bato sa daloy ng iskolarsyip hinggil sa pagmamapa ng pagtuturo ng wikang Filipino sa South Korea; at ikalawa, mailapat ang mga kalakasan, kahinaan, oportunidad at banta ng nasabing programa bilang mga implikasyon sa pagtuturo ng wikang Filipino sa labas ng Pilipinas. Tatalakayin sa papel ang sumusunod: ang konteksto ng pagtuturo ng wikang Filipino sa South Korea, ang maikling kasaysayan ng pagkakatag at kaligiran ng programang BA Filipino sa Busan University of Foreign Studies (BUFS), at ang lumitaw na mga kalakasan, kahinaan, oportunidad at banta ng nasabing programa. Sa huli, sa pamamagitan ng paglulugar ng mga natunghayang datos, ilalatag ng papel ang ilang implikasyon hinggil sa pagtuturo ng wikang Filipino sa labas ng bansa.

Mga Susing Salita: *BUFS, Philippine Track, SWOT, pagtuturo ng wikang Filipino, Filipino bilang banyagang wika*

¹ Iniharap ang naunang bersiyon ng papel sa 1st International Virtual Conference on the Teaching of Filipino as a Second Language (IVCTFSL 2021), 17-19 June, 2021, na inorganisa ng Unibersidad ng Santo Tomas at Unibersidad ng Hawai'i-Hilo.

PANIMULA

Interesante ang pagdukal ng kaalaman at pananaliksik sa usapin ng pagtuturo ng wikang Filipino sa labas ng Pilipinas. Bilang isang lehitimong paksa ng araling wika, mas nangangailangan pa ito ng marubdob na pagpapaloob at pagpapalabas ng mga diskurso at saliksik hinggil sa mga palisi, programa, at mga proyektong may kinalaman sa pambansang wika bilang isang global na wikang pinag-aaralan at itinuturo sa iba't ibang panig ng mundo. Bagaman hindi na naman ito bagong penomenon, at katunayan ay matagal nang pinag-aaralan ang Filipino (Tagalog) sa University of Hawai'i noon pang 1960's, nitong huling dalawang dekada lamang nagkaroon ng masikhay na mga gawain upang buklurin at organisahin ang mga stakeholder na may kinalaman sa pag-aaral at pagtuturo ng pambansang wika sa mga tawid-bansang karanasan at espasyo.² Mula sa mga ito, nagkaroon ng mga tunguhing matukoy at maimapa ang mga guro, mananaliksik, at mga programa hinggil sa pagtuturo ng wikang Filipino sa labas ng bansa. Nagkaroon din ng mas tiyak na pagkilala sa mga teorya't praksis na nagpapatunay na ang wikang Filipino ay wikang hindi lamang pang-Pilipinas, bagkus ito ay wikang ginagamit, pinag-aaralan, at itinuturo bilang ikalawang wika, banyagang wika, o pamanang wika (heritage language) sa napakaraming bansa sa labas ng Pilipinas.³

Sa isang bandá, masasabing bago pa lamang ang pag-aaral at pagtuturo ng wikang Filipino sa South Korea. Sa huling bahagi ng Dekada '90, nagkaroon na ng mga pasulpot-sulpot na proyekto ang embahada ng Pilipinas dito hinggil sa pagtuturo ng wikang Filipino partikular sa mga pamilyang Koreano-Pilipino. Kadalasan, nag-iimbita ng mga ekspertong guro o mga iskolar mula sa Pilipinas upang magdaos ng maiikling workshop o training hinggil sa paggamit/pagsasalita ng wikang Filipino, at pagpaparanas ng kulturang Pilipino sa mga KoPino, o yaong mga batang may Koreano at Pilipinong mga magulang. Bunsod naman ng patuloy na pagpapalakas ng

² Sa katunayan, mas naging tiyak ang ganitong inisyatibo sa tatlong mga pangyayari. Una, nang sipatin at dukalin bilang isang global na wika ang Filipino noong 2008 sa 1st International Conference on Filipino as a Global Language na idinaos sa University of Hawaii (Yap 57); ikalawa, ang proyektong sinimulan ni Mabanglo hinggil sa pagbuo ng konsorsiyum (Global Consortium for the Advancement of Filipino Language and Culture o GLOCAFIL) ng mga nagtuturo ng wikang Filipino sa iba't ibang panig ng mundo (Martinez, 2011; Pimentel, 2012; Sarabia, 2012); at ikatlo, ang katatapos lamang na 1st International Virtual Conference on the Teaching of Filipino as a Second Language nitong 2021.

³ Nariyan halimbawa ang University of California-Berkeley, University of California-Los Angeles, Cornell University, University of Michigan, University of Wisconsin-Madison, Loyola Marymount University, University of Pennsylvania, Northern Illinois University, University of Hawai'i University of Pittsburg, San Francisco State University sa U.S.A; Moscow State University, St. Petersburg University sa Russia; Peking University, Communication University of China, Yunnan Minzu University, at Beijing University sa China; Osaka University, Shizuoka University, Tokyo University of Foreign Studies, Takushoku University, at Kagoshima University sa Japan; Sorbonne University, Institut National des Langues et Civilisations Orientales sa France; University of Malaya sa Malaysia; Universiti Brunei Darussalam sa Brunei. Sa kasalukuyan, bahagi na rin ito ng kurikulum ng elementarya at high school ng mga piling paaralan sa U.S.A., U.A.E., Canada, Taiwan, at Guam.

Asian Studies at Southeast Asian Studies sa mga unibersidad, at bugso ng mantrang multilinggwalismo at multikulturalismo ng gobyerno ng South Korea, nabigyan ng puwang ang pagtuturo ng wikang Filipino sa ilang unibersidad sa bansa (Laranjo 117).

Batay sa ganitong kaligiran, dalawa ang pangunahing tulak ng papel na ito: una, maitanghal ang Programang BA Filipino ng Busan University of Foreign Studies bilang isang panandang-bato sa daloy ng iskolarsyip hinggil sa pagmamapa ng pagtuturo ng wikang Filipino sa South Korea; at ikalawa, mailapat ang mga kalakasan, kahinaan, oportunidad, at banta ng nasabing programa bilang mga implikasyon sa pagtuturo ng wikang Filipino sa labas ng Pilipinas. Tatalakayin sa papel ang sumusunod: ang konteksto ng pagtuturo ng wikang Filipino sa South Korea, ang maikling kasaysayan ng pagkakatatag at kaligiran ng programang BA Filipino sa Busan University of Foreign Studies (BUFS), at ang lumitaw na mga kalakasan, kahinaan, oportunidad at banta ng nasabing programa. Sa huli, sa pamamagitan ng paglulugar ng mga natunghayang datos, ilalatag ng papel ang ilang implikasyon hinggil sa pagtuturo ng wikang Filipino sa labas ng bansa. Nakalapat ang mananaliksik sa datos mula sa kanyang karanasan bilang visiting professor sa BUFS na nagturo ng wikang Filipino sa mga Koreanong mag-aaral sa loob ng halos dalawang taon, mga opisyal na dokumento, at panayam sa mga indibidwal na sangkot sa nasabing programa.

Banyagang Wika Bilang Subjek sa mga Paaralan: Teoretikal na Gabay

Bago ang lahat, kinikilalang banyaga ang isang wika kung 1) karaniwang pinag-aaralan ito sa paaralan, at 2) hindi malawakang sinasalita sa partikular na komunidad kung saan ito inaaral. May hatid na benepisyo ang pag-aaral ng banyagang wika. Sa pamamagitan nito, natututong makapagpahayag at umugnay ang isang indibwal sa mga sitwasyong nangangailangan na gamitin ang banyagang wika mula sa partikular na pinagmulang awtentikong kultura nito. Dagdag pa, akses ang banyagang wika sa pagpapalawig ng mga perspektibo, ng tawid-bansa at tawid-kulturang ugnayan, at maging ng interkultural na unawaan (Moeller and Catalano 327).

Sa nakaraang 100 taon, nagkaroon ng 3 tiyak na yugto sa pagbabago ng rasyunal hinggil sa pagtuturo ng banyagang wika bilang subjek sa mga paaralan sa global na konteksto (Larsen-Freeman and Freeman 150-156). Bunsod ang mga pagbabagong ito ng iba't ibang dahilan na direktang nakaaapekto sa papel ng banyagang wika kung saang bansa ito pinag-aaralan at itinuturo. Nariyan ang mga internal na dahilan tulad ng sistemang pang-edukasyon, pagbabagong kultural, at lokal na palisi ng mga panlipunang institusyon. Habang ang mga eksternal na dahilan naman ay karaniwang mga tawid-bansang agenda at palisi, partikular sa ekonomiya at sosyo-politika (Block and Cameron, 2001; Kramersch, 2014; Heller and McElhinny, 2017).


Sa unang yugto, sinisipat ang mga banyagang wika bilang pantulong sa mga aralin ng Sining at Humanidades. Dito, itinatanghal ang wika bilang sistemang gramatikal na maituturo at mapag-aaralan sa pamamagitan ng pagsasalin ng mga tekstong pampanitikan (Titone, 1968; Kelly, 1969). Dahil sa ganitong kaisipan nakapokus ang pagtuturo ng banyagang wika, nakasentro ang pedagohiya sa pagtutulad at pagmememorya ng wikang panturo vis-à-vis ng wikang pinag-aaralan. Kaya, kung sa klase lamang nakakulong ang pag-aaral ng banyagang wika sa yugtong ito, may maliit o halos walang koneksiyon ang praktikal na paggamit ng banyagang wika sa labas ng mga paaralan.

Samantala sa ikawalang yugto, nagkaroon ng pangangailangang mapag-aralan ang mga banyagang wika bunsod ng “lumalang” ugnayang pampolitika ng malalaking bansa. Partikular noong 1940’s, pang-militar ang naging pangunahing tulak sa pag-aaral ng mga banyagang wika. Sa katunayan, mas pinaigting pa ito ng rebolusyong Sputnik sa pagsisimula ng 1957. Sa U.S.A. halimbawa, naging pangunahing pangangailangan ng militar ang pagkakaroon ng mga mamamayang nakapagsasalita ng Ruso at iba pang mga banyagang wika (Ninkovich 107-110). Habang sa Japan naman, naging pangangailangan ng militar ang pag-aaral ng wikang Ingles. Sa yugtong ito, ang naging tulak ng pag-aaral ng banyagang wika ay kagyat na pagbuo ng mga lingguwistikong kakayahan (linguistic competence) upang “makasabay” ang mga mag-aaral sa linguistic repertoire ng mga katutubong ispiker ng target na banyagang wika, o yaong tinukoy ni Larsen-Freeman (107) na “native-like mastery of spoken language.”

Habang sa ikatlong yugto, may pagtatanghal sa usapin ng komunikatibong kakayahan (communicative competence) bilang isang batayang konsepto sa pagtuturo at pag-aaral ng wika (Canale and Swain 21-22). Bunsod nito, nagkaroon ng marubdob na pangangailangan sa pag-aaral at pagtuturo ng banyagang wika para sa mga layunin ng pang-internasyonal na pakikipag-ugnayan. Mas pinalawig ang ganitong status quo bunsod ng pagbulusok ng internasyonalisasyon ng pamumuhay, maging ng teknikal na pag-unlad sa industriya ng komunikasyon at impormasyon. Lumilikha ang mga multinasyonal na industriya, global na mga merkadong pampinansiyal, malawakang turismo at enterteynment, maging ang siyensiya at medisina, ng praktikal na pangangailangan sa kahusayan sa paggamit ng modernong mga wika, partikular ang Ingles, bilang primaryang wika ng internasyonal na komunikasyon (Trim 16). Bagaman kadalasang nakakulong pa rin itong tinukoy na komunikatibong kakayahan sa pasalita at transaksiyonal na gámit ng wika, naging mapagbuklod na teorya ito sa popularidad ng mga banyagang wika bilang subjek sa mga paaralan (Byrnes 15-16). Sa katunayan, simula noong huling hati ng 1970’s, may mabilis na pagpapalawig sa mga gámit at layuning pampolitikal at pang-ekonomik ng mga banyagang wika. Habang binigyang-daan ng komunikatibong

kakayahan ang iba't ibang manipestasyon sa gámit ng wika, nananatiling usapin kung *sino* ang may kapasiyahang magtalaga sa kung ano ang tama, angkop, at tanggap na batayan. Ibig sabihin, sa maraming pagkakataon, nagiging huwaran ang bansa kung saan katutubo ang banyagang wika, at tinitingnang “mababang barayti” lamang kung saan ito pinag-aaralan bilang banyagang wika.

Figyur 1: Binuong balangkas hinggil sa rasyonal sa pag-aaral ng banyagang wika



Sa kabila ng lingguwistikong pagtingin na pantay-pantay at mahalaga ang lahat ng mga wika ng mundo, nagkakaroon ng mga ideolohikal at politikal na imahe ang isang banyagang wika. Maaaring sipatin kung gayon, na ang pag-aaral nito ay isang praktikal na pangangailangan, o kaya ay isang kapital na may tahasang gámit upang makasabay at maka-angkop sa hinihingi ng mga multinasyonal na korporasyon at transnasyonal na ugnayan. Ito marahil ang parktikalidad kung bakit mas pinag-aaralan ang mga pangunahing wika (major language), na kadalasa’y nagmumula sa mayayamang bansa.

Samakatuwid, hindi nananatiling nasa vakyum ang dahilan ng institusyonalisasyon sa pag-aaral at pagtuturo ng isang banyagang wika bilang subjek sa paaralan. Ito ay tinitingnang tugon, akomodasyon, inisyatibo, o agenda ng isang bansa upang mailugar ang sarili nitong kagalingan at pag-iral sa iba't ibang sosyo-kultural at politikal-ekonomik na mga tendensiya at ganansiya sa global na espasyo.

Konteksto sa Pag-aaral ng mga Banyagang Wika at mga Kritikal na Wika sa South Korea

Mula nang mahati ang bansang Korea noong 1948, nagkaroon ng magkaibang ideolohiya at nagkaroon ng kanya-kanyang sistema ng edukasyon ang North at South Korea. Itong South Korea na pokus na magiging talakayan, ay mas nagtulak ng mga palisi sa lalong pagpapagiting ng globalisasyon, internasyonalisasyon, at tawid-bansang pakikipag-ugnayan. Bunsod ng mga dahilang nabanggit, mas naging “búkas” ang pagtuturo at pag-aaral ng mga banyagang wika sa bansa (Lee 38-39).

A. Mga banyagang wika sa antas ng unibersidad

Bunsod ng palis, nagsimulang ituro ang mga banyagang wika (Ingles, Aleman, Pranses, Mandarin) sa antas ng unidersidad noong 1946 nang maitatag ang School of Arts

and Science sa Seoul National University (SNU). Sinundan naman ito ng pagkakatatag ng Hankuk University of Foreign Studies (HUFS) noong 1954 na kung saan itinuro ang mga wikang Ingles, Aleman, Pranses, Mandarin, Ruso, Espanyol; at Hapon noong 1961, at binuksan rin kalaunan ang mga departamento ng Italyano, Arabik, Portuges, Thai, at Viet sa huling bahagi ng 1960's. Noon namang 1970's, itinuro rin sa HUFS ang mga wikang Dutch, Indones, Turkish, Swedish, at Iranian; habang noong 1980's ay ang mga wikang Hindi, Polish, Romanian, Czech, Hungarian, Yugoslavian, at Swahili. Bagaman marami pang unibersidad ang nagtatag din ng iba't ibang departamento ng mga banyagang wika, ay nakulong lamang sa mga wikang Ingles, Aleman, Pranses, Mandarin, Hapon, Espanyol, at Ruso ang kanilang itinuturo. Noong 2015, itinuturo na rin sa SNU ang mga wikang Italyano, Manchurian, Turkish, Mongolian, Greek, Latin, Sanskrit, at Pali.

Sa kasalukuyan, pinag-aaralan sa mga unibersidad ang mga banyagang wika bilang araling panlahat (general education), o bilang major o minor, o kaya naman ay bilang kabuuang kurso. Bagaman iba-iba ang mga layunin at sakop ng mga programa ng mga banyagang wika sa bawat unibersidad, kinakailangang mag-aplay ang mag-aaral sa mga departamento ng banyagang wika bilang paraan upang makapasok at matanggap bilang opisyal na mag-aaral sa isang unibersidad.

B. Wikang Filipino bilang banyagang wika at kritikal na wika

Bagaman may puwang ang pag-aaral at pagtuturo ng mga banyagang wika kapwa sa antas ng middle school at high school, naipakita na mas malawig ang mga maaaring mapag-aralan na mga banyagang wika sa antas ng unibersidad. Sentral na tanong ngayon na kailangang linawin ay, *paano* naging opsiyon ang wikang Filipino sa hanay ng mga banyagang wikang itinuturo at pinag-aaralan sa mga unibersidad sa South Korea?

May dalawang pangunahing dahilan sa pagpasok ng wikang Filipino bilang wika na itinuturo sa mga unibersidad sa South Korea. Una, bagaman bagong penomenon sa South Korea, ay ang pag-unlad ng Asian Studies o ASEAN Studies at Southeast Asian Studies bilang mga mga wikang Asyano. Ang HUFS halimbawa, ay nagsimulang ituro ang mga wikang Malay-Indones simula noong 1964, Thai simula noong 1966, at Viet simula noong 1967. Ganito rin halos ang naging status quo ng BUFS na nagturo ng mga wikang Malay-Indones at Thai simula noong 1982, Viet simula noong 1991, at Burmese simula noong 1992. Ang The Institute for East Asian Studies (SIEAS) na itinatag naman noong 1981 sa Sogang University (SU), ay nagdagdag ng Southeast Asian Studies sa mga

programa nito. Ilan pa sa mga unibersidad na nagtuturo ng mga wika ng Timog-Silangang Asya ay ang Korea University, Yonsei University, Kangwon National University, Pusan National University, Yeungnam University, Busan National University of Education, at ang The Catholic University of Daegu. Bunsod na rin sa pagpapalawig ng multikulturalismo at ng pagpapalakas sa ugnayan ng South Korea sa Association of Southeast Asian Nations (ASEAN), nagsimulang ituro ang wikang Filipino sa HUFs at SU (sa pakikipag-ugnayan ng mga unibersidad na ito sa ASEAN-Korea Center) noong 2010, at sa BUFS noong 2015 (Laranjo 117). Sa mga institusyong nabanggit, itinuturing na non-degree course o extramural level lamang ang pag-aaral ng Filipino para sa mga propesyunal na nangangailangang mag-aral ng wikang ito. Habang naging institusyonal naman ang pagtuturo at pag-aaral ng wikang Filipino sa BUFS dahil ito lang ang tanging unibersidad sa South Korea na may espesyalisasyon o major sa Philippine Track (i.e., BA Filipino) hinggil sa kultura at wikang Filipino.

Ikalawa, ang pagpasa ng Korea National Assembly Republic Act no. 13944 noong 2015. Nakasentro ang lehislyangong ito sa institusyonalisasyon at promosyon ng pag-aaral ng mga kritikal na wika sa mga unibersidad ng South Korea. Kritikal, dahil ang mga wikang tinukoy ay *kinakailangan* para sa pag-unlad ng bansa.⁴ Kasama sa mga tinukoy na kategorya ng Indo-Asean na mga wika ang Hindi, Urdu, Sanskrit, Nepalese, Bengali, Sinhalese, Viet, Malay, Indones, Thai, Burmese, Khmer, Lao, at Tagalog (Filipino). Sang-ayon na rin sa lehislyasyon, magpapalano at gagawa ng mga kinakailangang hakbang ang gobyerno ng South Korea upang suportahan ang pagtuturo ng, at pananaliksik sa mga wikang tinukoy. Mula sa mga kaligirang ito, maliban sa kaso ng BUFS, ay sinasalungguhitan na ang uri ng programa hinggil sa pagtuturo ng wikang Filipino ay itinuturing na non degree course o mga espesyal na subjek lamang para sa mga mag-aaral; o kaya naman ay extramural class lamang para sa mga propesyunal na nangangailangang mag-aral ng wikang Filipino.

Sa isang banda, bukod sa magandang ugnayan ng South Korea at Pilipinas na nagsimula pa noong Digmaang Koreano, malaki ang papel ng Pilipinas sa sosyo-ekonomik na kalagayan ng South Korea. Nanormalisa ang mga Overseas Filipino Worker (OFW) na bumubuo ng malaking bahagdan ng mga migranteng manggagawa sa bansa. Sa mga siyudad ng Busan at Daegu halimbawa, mga Pilipino ang malaking

⁴ Pinagpapakahulugang kritikal din ang isang wika ng bansang may bilateral diplomatic relation sa South Korea. Bunsod nito, kinakailangang maisama ito sa kurikulum ng bansa upang mas mapalalim pa ang diplomatikong pakikipag-ugnayan nito sa Pilipinas.

porsiyento ng mga manggagawa sa mga pabrika. Dagdag pa rito ang mga Pilipinang nagiging maybahay ng mga Koreano, at ang pagdami ng mga KoPino sa populasyon ng South Korea. Ibig sabihin, may pangangailang maintindihan at maunawaan ng mga Koreano ang mga Pilipino, at vice versa. Sa katunayan, dahil nga mahalaga ang ginagampanang papel ng mga Pilipino sa South Korea, ginagamit na opisyal na wikang pantulong (official auxiliary language) ang Filipino sa mga ahensiya ng gobyerno, lokal na opisana, paliparang internasyonal ng Gimhae, maging sa mga pabatid na inilalabas ng Simbahang katoliko at Embahada, at sa mga espesyal na lugar kung saan may mga Pilipino. Sa lahat ng ito, inuunawa ng mananaliksik na kailangang maintindihan ng South Korea ang mga Pilipino bilang de jure na mga mamamayan ng estado, at kailangang palakasín ng South Korea ang pakikipag-ugnayan at pakikipag-transaksiyon sa Pilipinas para sa kanilang ganansiya.

Mula sa mga kaligirang ito, naitatanghal ang ang identidad ng wikang Filipino sa South Korea: *banyaga* dahil inaaral ito sa isang bansa kung saan hindi ito karaniwang ginagamit; at *kritikal*⁵ dahil ang pangangailang pag-aralan ito ay bahagi ng mismong agenda sa pag-unlad ng South Korea.

Ang Philippine Track sa Busan University of Foreign Studies

Isang pribadong unibersidad ang BUFS na matatagpuan sa siyudad ng Busan, South Korea. Itinatag ito noong 1981, na may bisyong makalikha ng mga gradweyt na may kamalayan at kahusayan bilang mamamayan ng mundo (world citizen) na mag-aambag sa pag-unlad ng bansa at sa internasyonal na komunidad. Sa kasalukuyan, mayroon itong 5 kolehiyo: ang College of English, Japanese, and Chinese; ang College of Global Human Convergence, ang College of Global Business, ang College of Glocal Creativity and Convergence, at ang College of Global Information and Technology. Itinuturo sa unibersidad ang mga subjek hinggil sa wika, kultura, politika, ekonomiya, kalakalan, kasaysayan, at lipunan.

Nasa ilalim ng College of Global Human Convergence ang Division of Southeast Asian Studies kung saan itinuturo ang mga wikang Indones, Burmese, Thai, at Viet. Pinatatag lalo ng BUFS ang kanilang Southeast Asian Program sa pamamagitan ng grant mula sa Creative Korea 1 Project, na pinopondohan ng pamahalaan ng South Korea (2 Bilyong Won kada taon). Bunsod nito, iniatas ng Ministry of Education ng South Korea ang pagkakaroon ng mga wikang Filipino, Khmer, at Lao bilang bahagi

⁵ Tinitingnan din na kritikal ang isang wika kung ito ay wika ng isang bansang may bilateral diplomatic relation sa South Korea. Naniniwala ang kanilang gobyerno ng na nararapat maisama sa kanilang kurikulum ng Edukasyon ang naturang mga wika para sa mas malalim na diplomatikong pakikipag-ugnayan ng South Korea sa mga bansang ito.

ng mga track sa Southeast Asian Studies ng unibersidad. Sa pamamagitan naman ng memorandum of agreement sa pagitan ng BUFS at Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP) sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman (UPD), opisyal na nakapagpadala ng visiting professor upang magturo ng wikang Filipino sa South Korea. Makasaysayan ang taong 2016, dahil opisyal na binuksan ang Philippine track; at sa kauna-unahang pagkakataon ay nagkaroon ng isang digri, ang Bachelor of Arts in Filipino sa South Korea.

A. Kurikulum

Sa ilalim ng nasabing digri, liban sa mga general education na subjek na kinukuha ng mag-aaral, ay kinakailangan nitong kumuha ng 30 yunit na mga kurso tungkol sa Timog-Silangang Asya at 33 na yunit na mga kurso tungkol sa Pilipinas. Itong huli, ay nahahati sa language courses at content courses.

Talahanayan 1: Mga Kurso sa wikang Filipino, at sa Pilipinas

Language Courses	Units
Basic Language Listening & Speaking (B)	3
Basic Language Listening & Speaking (A1)	3
Basic Language Listening & Speaking (A2)	3
Basic Language Reading & Writing (B)	3
Basic Language Reading & Writing (A1)	3
Basic Language Reading & Writing (A2)	3
Filipino Listening & Speaking (B)	3
Filipino Listening & Speaking (A1)	3
Filipino Listening & Speaking (A2)	3
Filipino Reading & Writing (B)	3
Filipino Reading & Writing (A1)	3
Filipino Reading & Writing (A2)	3
Content Courses	Units
Introduction to the Philippines	3
Philippine History and Culture	3
Understanding Philippine Politics	3
Understanding Philippine Economy	3
Research on Philippine Society	3
Philippine Seminar 1	3
Philippine Seminar 2	3
*B – Basic	
*A1 – Advanced 1	
*A3 – Advanced 2	

Itinuturo ng visiting professor mula sa Pilipinas ang lahat ng mga kurso sa wikang Filipino (language courses), at ang mga subjek na Philippine Seminar 1 at Philippine Seminar 2; habang itinuturo ng isang propesor mula sa South Korea na eksperto sa Philippine Studies ang content courses. Ang mga kurso sa wika, bagaman apat lamang ang pinakapaksa, ay posibleng kunin ng tatlong beses depende sa deskripsiyon: Basic, Advance 1, at Advance 2. Walang mga pre-requisite ang lahat ng mga subjek sa categoryang language at content courses, kung kaya malaya ang mag-aaral kung ano at kailan niya kukunin ang isang partikular na subjek. Liban sa pagkompleto ng lahat ng mga yunit na kinakailangan sa kurikulum, kailangan munang ipasa niya ang isang “graduation exam” o

test of Proficiency in Filipino (TOPIF)⁶ na susukat sa kahusayan niya sa apat na macro skill ng wikang Filipino.

May opsiyon ang mag-aaral hinggil sa daloy ng kanyang kurikulum. Maaari niyang kunin ang mga opsiyong 4+0 o 3+1 o 7+1 na pag-aaral. Itong una, ay kukunin niya ang lahat ng mga subjek sa BUFS ng apat na taon; habang itong ikalawa, ay kukuha siya ng mga subjek sa BUFS ng tatlong taon at isang taon sa UPD bilang exchange student. O kaya naman, itong huli, kukuha siya ng mga subjek sa loob ng pitong semestre sa BUFS at isang semestre sa UPD. Ang mga subjek na maaari nilang kunin sa UPD ay mga subjek sa Filipino (e.g., Filipino 3, Filipino 4, Fil 40, Fil 115, Fil 128) na itinuturo sa ilalalim ng DFPP, at kinikredit ang mga ito sa kanilang kurikulum. Sa mga naging exchange student simula noong 2015, ang pangalawang opsiyon ang kanilang karaniwang kinukuha.

B. Ang mga mag-aaral ng Filipino

Simula nang buksan ang programang Philippine Track noong 2015, nasa humigit-kumulang na 120 na ang mga Koreanong mag-aaral na kumuha ng mga subjek tungkol sa Filipino/Pilipinas.⁷ Sa bilang na ito, magkaibang usapin ang mga nag-eeenrol sa Filipino versus sa nagme-major sa Filipino. Sa naging kasaysayan ng programa, mas marami ang bilang ng nag-eeenrol na mag-aaral kaysa sa nagme-major. Simula 2015, bagaman mayroon nang naitalang humigit-kumulang sa dalawampung mag-aaral ang nag-major sa Filipino, ay 3 pa lamang ang nakapagtapos at nagkamit ng digring BA Filipino mula sa BUFS. Sa ginawang personal na panayam ng mananaliksik sa kanyang mga mag-aaral, lumitaw na may iba-iba silang dahilan sa pagkuha ng Filipino bilang major: magandang persepsiyon hinggil sa Pilipinas (Won, 2020; Seo, 2020; Ha, 2020; Hong, 2020) mga nakabisita na sa Pilipinas (Hwang S. B., 2020; Nam, 2019), may magandang persepsiyon tungkol sa Pilipinas (Kang, 2019; Lee D. Y., 2019; Lee I. K., 2020), may dugong Pilipino (Park N. H., 2019; Seo, 2020; Hwang J. E., 2020; Hee, 2020), nagustuhan ang turismo ng Pilipinas (Chwe, 2019), at paggamit ng wikang Filipino sa nais na trabaho (e.g., Philippine Airlines at City Hall sa Busan) (Park S. H., 2019; Im, 2019).

Base sa populasyon ng mga mag-aaral sa Division of Southeast Asian Studies, masasabing minorya ang mga nagme-major sa Filipino. Sa katunayan, naglalaro lamang

⁶ Tiyak lamang sa karanasan ng mga mag-aaral ng BUFS ang mga tanong sa TOPIF. Nakabatay ito sa teksbuk, mga modyul, at mga paksang itinuturo ng visiting professor, kaya maaaring bagu-baguin ng guro ang lalamanin ng TOPIF.

⁷ Umaabot sa 40-50 mga mag-aaral ang nag-eeenrol sa Basic Filipino noong taong ito dahil may palisi ang Division of Southeast Asia na kailangan munang makakuha ng mga kurso mula sa 4 na wikang banyaga ang isang mag-aaral bako makapili ng isang wikang gagawin niyang major.

mula tatlo hanggang lima ang nag-eeenrol sa bawat isang subjek sa wikang Filipino kada semestre, samantalang anim hanggang sampu ang nag-eeenrol sa bawat isang subjek tungkol sa Pilipinas. Itong huli kaya mas marami, ay ginagawang elective ng mga mag-aaral na may ibang major sa ilalim ng Dibisyon. Sa karanasang ibinahagi ni Dr. Jovy Peregrino⁸ (2019) sa mananaliksik, ginawang kursong panlahat ng dibisyon ang Philippine Seminar 1 at Philippine Seminar 2 noong 2015-2018 kaya umabot sa humigit-kumulang 25 ang mga mag-aaral na nag-enrol sa mga subjek na ito kada semestre. Nang baguhin ng BUFS ang istatus ng mga nabanggit na subjek patungong pangangailangan (required) na lamang ng mga major sa Filipino noong 2019, ay bumaba ang enrolment sa mga ito.

C. Mga programang short-term

Bago ang pandemyang COVID-19, may Intensive Filipino Language Program tuwing buwan ng Enero~Pebrero o Hulyo~Agosto. Dahil winter break at summer break ito sa South Korea, may apat hanggang anim na mga mag-aaral mula BUFS ang bumibisita sa Pilipinas upang mag-aral ng intensive Filipino, at upang dumanas ng mga kultural na gawain sa Pilipinas. Ito ay bukás sa lahat ng mga mag-aaral ng BUFS, at hindi lamang para sa mga major ng Filipino. Mga guro ng DFPP ang nagtuturo ng wikang Filipino sa umaga, at sa hapon ay ipinapasyal ang mga mag-aaral sa iba't ibang lugar upang mapraktis ang kanilang natutunan sa araw na iyon. Nagbabago-bago ang mga lugar na pupuntahan at ipararanas sa mga Koreanong mag-aaral depende sa aralin. Ilan sa mga karanasan at cultural field trip na naisagawa ay pamimili sa palengke, pagsakay sa jeep, pagluluto at pagkain ng mga pagkaing Pilipino, pag-iikot sa UPD, pagsayaw ng mga sayawing bayan, pagbisita sa Intramuros, pagbisita sa Luneta, pagbisita sa mga museo, pagbisita sa pagawaan ng sapatos sa Marikina, pagbisita sa pagawaan ng mga pasalubong sa Bulacan, at iba pa.

Habang noong Hulyo 2018, nagkaroon ng isang linggong cultural program na dinaluhan ng 3 mag-aaral mula as BUFS. Layunin ng programa na makilala at maransaan ng mga Koreanong mag-aaral ang Philippine track sa mabilis, masaya, at malikhaing paraan. Liban sa pang-araw-araw na pakikipag-usap sa wikang Filipino, ipinararanas din ang mga lugar-panturismo, sayaw, damit, pagkain, kanta, laro, at sining ng mga Pilipino. Paraan din ito upang hikayatin ang mga Koreanong mag-aaral ng BUFS na gawing major ang Filipino.

⁸ Kauna-unahang nagturo ng wikang Filipino sa BUFS, na nagsilbi bilang visiting professor mula 2015 hanggang 2019.

Larawan 1: Ang mga mag-aaral ng BUFS sa Intramuros kasama ang mananaliksik at si Prop. April Perez (larawan mula sa koleksiyon ng mananaliksik); at UPD (larawan mula sa koleksiyon ni Dr. Jovy Peregrino)



D. Mga personal na karanasan bilang visiting professor

Nagsisilbi ang visiting professor sa BUFS upang magturo ng mga subjek hinggil sa wikang Filipino at sa Pilipinas. Sang-ayon sa memorandum of agreement ng BUFS at DFPP-UPD, 2 taon ang kontrata ng propesor mula sa Pilipinas, at sa mga espesyal na pagkakataon, ay maaaring sumailalim sa renewal. Kailangang magsilbi ang propesor ng labindalawang oras ng pagtuturo para sa minimum na labindalawang yunit na academic load kada linggo. Bukod dito, kailangan din siyang maging bukás para sa konsultasyon depende sa iskedyul na tutukuyin ng mga mag-aaral. Sa dulo ng semestre ay tinatása ng mga mag-aaral ang propesor, at sakaling hindi umabot sa gradong 4.50 (5.00 ang pinakamataas na iskor), ay maaaring maging basehan ito ng hindi pag-renew para sa kanyang pagtuturo sa BUFS.

Sa naging karanasan ng mananaliksik, palaging may tatlong subjek ng Filipino at isang subjek ng Philippine Seminar ang karaniwan niyang academic load sa bawat semestre. Paliwanag ng BUFS, ito ay upang mabigyan ang propesor ng barayti ng mga ituturo. Sa language courses, pinipilit na gamiting midyum ng pagtuturo ang wikang Filipino, ngunit sa maraming pagkakataon, kinakailangang isalin ng propesor ang kanyang mga sinasabi sa wikang Koreano o Ingles. Liban sa mga modyul at gawain na inihahanda ng propesor, ginagamit ang batayang teksbuk/aplikasyon na Panimulang Pag-aaral ng Wikang Filipino 필리핀어 (초급) / Basic Filipino Language (Peregrino et al, 2015). Sa status quo ng pag-aaral sa klase, karaniwan ang paghahanda ng mga dayalog (iskripted) at mga pakikipag-usap sa mga kamag-aral. Sa mga ito, pinipilit ng propesor na maipasok ang kultural na aspekto ng wika, at kung paano ito karaniwang ginagamit sa Pilipinas. Nagkakaroon din ng mga pagkakataon kung saan ang klase ay nanonood ng maiikling video, nakikinig ng mga awit at pre-recorded na mga dayalog,

at nagbabasa ng maiikling balita at teksto tungkol sa Pilipinas upang maging lunsaran ng pinag-aaralang paksa.

Dahil sa hindi naman wika ang pokus ng mga klase sa Philippine Seminar 1 at Philippine Seminar 2, wikang Ingles ang karaniwang midyum ng pagtuturo. Dito, nagkakaroon ng mga espesyal na paksa tungkol sa mga Pilipino at sa Pilipinas gaya ng pagpapahayag ng paggalang, mga festival, mga pagkain, mga awit, mga sayaw, sining ng Pilipino, pagdaraos ng mahal na araw, semana santa at pasko, pagluluto ng adobo, paggawa ng parol, at marami pang iba. Kumbaga, itinatanghal sa mga subjek na ito kung ano-ano ang mga dapat nilang malaman upang mas makilala ang mga Pilipino at ang Pilipinas. May mga pagkakataon din na nagkakaroon ang klase ng pagtutulad/pagkokompara sa mga cultural icon sa pagitan ng South Korea at Pilipinas (e.g., galbijjim at adobo, patbingsoo at halo-halo, atsara at kimchi, at iba pa). Ginagawa itong lunsaran upang mas mapadali ang pagtuturo at pagpapakilala ng mga kulturang Pilipino. Sa maraming pagkakataon, ay gumagamit din ang propesor ng mga balita ng GMA at ABS-CBN, mga dokumentaryo, at mga vlog sa Youtube, upang mas maipamalas at mailarawan ang mga bagay, pangyayari, at lugar sa Pilipinas. Kaiba sa mga language course na mas obhetibo ang mga pagsusulit, mas praktikal at mas pandanas ang mga pagtatáya sa mga subjek ng Philippine Seminar 1 at Philippine Seminar 2. Kaugnay nito, kung kinakaya ng klase, nagkakaroon din ng mga opsiyonal na gawain hinggil sa paglubog ng mga mag-aaral kung saan may “kulturang Pilipino” sa Busan (e.g., pagbisita sa ASEAN cultural house, pagpunta sa United Nations Memorial Cemetery, pagkain ng mga putaheng Pilipino sa mga Filipino restaurant, pakikilahok sa Arirang cultural festival, pakikisalamuha sa Filipino Community Center, at iba pa).

Sa lahat ng mga ito, kinakailangang umangkop ng propesor sa namamayaning pagkakaiba-iba sa kahusayan (heterogeneous competency) ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Dahil sa walang pre-requisite ang lahat ng mga subjek, posibleng mag-enrol ang mga mag-aaral sa mga advance na subjek ng language courses, kahit wala pa silang alam sa wikang Filipino. Kaya, karaniwan na sa isang klase sa wikang Filipino, halo ang kanilang komposisyon. May mga mag-aaral na “zero knowledge” sa Filipino, habang ang iba naman ay marunong nang magsalita at magbasa ng wikang Filipino. Sa Philippine Seminar 1 at Philippine Seminar 2 naman, may mga mag-aaral na nag-reenrol agad as Philippine Seminar 2, kahit wala pang batayang kaalaman sa Pilipinas at mga Pilipino. Upang matugunan ito, nag-uulit-uli ng mga lektyur ang propesor, at nagbibigay siya ng magkakaibang pagsusulit o gawain sa mga mag-aaral depende sa kanilang kakayahan sa klase.

Samantala, may tinatawag namang tandem zone kung saan idinaraos ng isa o dalawang oras kada linggo. Itong tandem zone, ay espesyal na reserbadong iskedyul na kung saan nagpapalista ang mga Koreanong mag-aaral upang magkaroon ng isang non-academic discussion kasama ang visiting professor. Bukás ito sa lahat ng mga mag-aaral ng BUFS. Ang rasyunal ng gawaing ito ay upang makapagtanong ng kahit na anong paksa ang mga mag-aaral hinggil sa nais nilang malaman tungkol sa visiting professor at tungkol sa bansa na kanyang pinanggalingan. Karaniwang magagaan ang kanilang tanong hinggil sa Pilipinas: magkano ang kailangang budget kung pupunta sa Boracay, gaano katagal ang biyahe mula Busan patungong Pilipinas, bakit maraming migranteng manggagawa na Pilipino sa South Korea, bakit sikat ang K-Pop sa Pilipinas, at marami pang iba na tutugon sa kanilang kyuriyosidad hinggil sa bansa. Para naman sa propesor, praktikal na espasyo ito upang ipakita ang ganda ng Pilipinas, at hikayatin ang mga mag-aaral na mag-major sa Filipino.

Bunsod ng pandemyang COVID-19, nagpasiya ang BUFS na gawing online (e.g., via Zoom at BUFS Learning Management System) ang mga klase sa unibersidad, simula unang Semestre ng Marso 2020. Bagaman wala namang gaanong pagbabago sa nilalaman ng mga paksa sa bawat subjek, nirebisa lamang ang moda ng pagtuturo at mga gawain. Sa pangkalahatan, ginawang pre-recorded video ang mga lektyur upang anomang oras ay maaaring mabalikan ito ng mga mag-aaral, at ginawang flexible ang paggawa at pagpapasa ng mga gawain o output. Para sa mga language course, patuloy pa rin naman ang mga dayalog at usapan sa klase, ngunit apektado ng sintetikong pamamaraan ang pagtukoy sa kaangkupan ng mga di-berbal na mekanismo ng pakikipag-usap. Habang sa mga subjek na Philippine Seminar 1 at Philippine Seminar 2, mas naging personal na lamang ang danas sa paggawa ng mga gawain at asaynment na kailangang idokumento gámit ang video.

Kalakasan, Kahinaan, Oportunidad at Banta ng Programang Philippine Track

Matingkad ang kalakasan ng programa sa punto ng 1) lawig ng kurikulum, at 2) academic freedom ng guro. Kung papansinin, hindi lamang nakakulong sa wika ang mga subjek na pinag-aaralan ng mga major ng Filipino. Inaaral din nila ang *tungkol* sa mga Pilipino at Pilipinas gaya ng kasaysayan, relihiyon, kultura, politika, at iba pa. Sa pamamagitan ng mga language at content course nito, naihahanda ng kurikulum ang mga mag-aaral sa isang holistikong kakayahan (holistic competence) na may kagalingan kapwa sa wika at kultura, na siyang ubod ng pakikipamuhay sa mga Pilipino o pag-iral sa Pilipinas. Bagaman tinukoy na ng mga silabus ang mga paksa ng talakayan, malaya ang propesor na i-tweak ito batay sa kanyang desisyon, at sa kanyang kahusayan kung *paano* ituturo ang mga paksa. Malaya rin siyang itanghal o idagdag ang mga partikular na isyu o usapin na sa kanyang palagay ay napapanahong itampok at pag-usapan sa klase.

May tatlong kahinaan naman ang natukoy. Una, may kakulangan sa mga kagamitang pampagturo at mga sangguniang magagamit ng mga mag-aaral. Sa katunayan, hindi pa aabot sa dalawampu ang mga sangguniang libro na may kinalaman sa wikang Filipino at Pilipinas na nakalagak sa silid-aklatan ng BUFS. Karamihan pa sa mga ito ay mga piksiyon tulad ng kuwentong pambata, mga tambalang Koreano-Tagalog (na artipisyal pa ang pagkakasalin), at mga brochure tungkol sa Pilipinas. Naging sariling sikap na lamang ng propesor ang pagdo-donate sa BUFS ng ilang libro na tungkol sa wikang Filipino at Pilipinas. Ikalawa, nakukulang ang pagpapraktis ng mga mag-aaral sa wikang Filipino sa loob ng klasrum. Kundi pa bibigyan ng mga gawaing paglubog ang mga mag-aaral, ay wala silang ibang maaaring makausap gamit ang wikang Filipino. Bunsod nito, nalilimutan nila ang mga pinag-aralan sa klase, kaya't inuulit-ulit ng propesor ang pagtalakay sa mga paksa. Sa karanasan naman ng unang visiting professor, may budget na ibinibigay sa kanya noong unang tatlong taon ng programa upang mailibre sa mga Filipino restaurant ang mga mag-aaral ng BUFS at doon sila nag-uusap-usap sa wikang Filipino. Ikatlo, napansing hindi gaano naimamarket ang Philippine Track sa mga freshman na mga mag-aaral ng BUFS. Hindi tulad ng mga wikang Indones, Thai, at Viet, maraming mga gawain ang isinasakatuparan buwan-buwan upang mas tangkilikin itong kunin ng mga mag-aaral. Sa ilang pagkakataon pa nga, nagdudulot ito ng pagkadismaya ayon sa ilang mag-aaral dahil hindi umano "inaalagaan" ng dibisyon ang wikang Filipino (Lee; Hwang J. E.)

Samantala, sa punto ng oportunidad, matingkad ang usapin ng tawid-bansang ugnayan sa lalong pagpapalakas ng programa. Sa kaso ng BUFS, aktibo ang pakikipag-ugnayan nito sa UPD para sa Philippine Track. Sa katunayan, kundi lamang nanragasa ang pandemyang COVID-19, ay tuloy pa rin ang pagpapadala ng mga mag-aaral mula BUFS upang kumuha ng Intensive Filipino Language Program at Cultural program sa UPD. Nakaangkla rin ang programa sa pagkakaroon ng institusyon sa akademikong pananaliksik (i.e., Korea Institute for ASEAN Studies-BUFS International Conference) at publikasyon ng mga pag-aaral at artikulo (i.e., Suvannabhumi: Multi-disciplinary Journal of Southeast Asian Studies). Sa mga ito, malinaw na naitatanghal ang papel ng wikang Filipino at Pilipinas bilang mga lehitimong erya ng pananaliksik sa BUFS.⁹

⁹Tingnan halimbawa ang mga artikulo: Concepcion, Gerard. "Language Choice in Philippine Government Websites: Sociolinguistic Issues and Implications." *SUVANNABHUMI Journal* vol. 13 no. 1, 2021, pp. 35-64; at Eliserio, U. "Ramon Guillermo, Scholar-Activist of Indonesian and Philippine Society." *SUVANNABHUMI Journal* vol. 12 no. 1, 2021, pp. 157-175.

Dalawa ang matingkat na banta ng Programa. Una, ang ganansiya ng suportang pinansiyal mula sa gobyerno ng South Korea. Dahil may takdang limitasyon lamang ang Creative Korea Project 1, may posibilidad na mahinto ang Programang Philippine Track. Sa katunayan, dahil isang pribadong unibersidad ang BUFS, sentral sa mga kurso nito ang usapin ng kita. Ang wikang Filipino sa obserbasyon ni Dr. Kim Dong Yeob¹⁰ mula sa ginawang panayam ng mananaliksik, ay hindi nakapagpapasok ng sapat na kita para sa unibersidad dahil sa mababang enrolment nito. Ang gastos para sa suweldo at pabahay ng visiting professor halimbawa, ay kinukuha lamang sa nabanggit na grant ng gobyerno ng South Korea. Ikalawa, ang tila disbentaha ng pagiging mahusay na ng mga Pilipino sa wikang Ingles. Sa katunayan, sa paniniwala nina Peregrino (2019) at Kim (2020), nagiging persepsiyon ng mga Koreanong mag-aaral na basta't mahusay sila sa wikang Ingles ay maaari na silang mabuhay sa Pilipinas. Kumbaga para sa kanila, nawawala ang pangangailagang pag-aralan pa ang wikang Filipino dahil marunong at mahusay nang magsalita ng wikang Ingles ang mga Pilipino.

Mga Implikasyon sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Labas ng Pilipinas

Bunsod ng patuloy na paglawig ng sosyo-kultural at ekonomik-politikal na pakikipag-ugnayan ng iba't ibang bansa sa Pilipinas, lakip ang normalisasyon at proliperasyon ng migrasyong Pilipino, nailalantad ang pangangailangang ituro at pag-aralan ang wikang Filipino sa labas ng Pilipinas. Sa ganitong kaligiran, iginigiit ng papel ang pagtuturo at pag-aaral hindi lamang sa lingguwistiko kundi maging sa sosyolingguwistikong dimensiyon ng wika. Ibig sabihin, kailangang maging “holistiko” ang pedagohiya na hindi lamang titiyak sa lingguwistikong kakayahan, kundi maging sa komunikatibong kakayahan ng mga banyagang mag-aaral. Kinakailangan ang paglubog sa anumang pinag-aaralan sa klasrum upang mas mapalitaw ang mga sosyo-kultural na komponent ng wika.

Gaya ng namalas sa Programang Philippine Track ng BUFS, itinuturo ang wikang Filipino sa mga Koreanong mag-aaral (kapwa sa mga may lahing Pilipino at purong Koreano) hindi lamang bilang wika na pinag-aaralan sa teksbuk, bagkus ay inilalapat at pinararanas din ito sa mga usaping may kinalaman sa lahi, identidad, negosyo, ekonomiya, relihiyon, kasaysayan, politika, at kultura ng mga Pilipino.

¹⁰ Koreanong propesor na nagtuturo ng mga kurso hinggil sa Pilipinas sa BUFS; nagsilbing direktor ng Institute for Southeast Asian Studies – BUFS.

Talahanayan 2: Karanasan ng BUFS at ang mga implikasyon nito

KARANASAN NG BUFS	IMPLIKASYON / TUGON
(Kalakasan)	
lawig ng kurikulum	Lalong pagpapatingkad sa mga paksang may kinalaman sa wikang Filipino (lingguwistiko at komunikatibong kakayahan) at mga paksa hinggil sa Pilipinas (kultura, politika, negosyo, kasaysayan, relihiyon) Maaari ring pag-isipan ang pagtuturo ng mga kulturang popular (e.g. musika, pelikula, atbp.)
academic freedom ng guro	Pagpapalakas sa kaalaman at kakayahan ng mga guro; teacher trainings sa pagtuturo ng wikang Filipino at mga paksa hinggil sa Pilipinas Heterogenous kayang maituturing ang lapit at metodo kung gayon?
(Oportunidad)	
aktibong tawid-bansang ugnayan sa lalong pagpapalakas ng programa	Pagpaparami at pagpapalakas pa ng mga MoA, MoU, at mga institusyonalisadong ugnayan Maaaring iparaan ito sa pamamagitan ng: institusyon sa institusyon; gobyerno sa gobyerno, o kaya naman ay gobyerno sa institusyon
(Kahinaan)	
kakulangan sa mga kagamitang pampagturo at mga sanggunian	Pagsulat ng mga teksbuk na partikular sa milyu ng banyagang bansa; pagbuo ng mga AV na materyal na makatutulong sa mga guro at mag-aaral Maaari ring bumuo ng isang sentral na database hinggil sa mga kagamitang pampagturo
nakukulong ang pagpapraktis ng mga mag-aaral sa wikang Filipino sa loob ng klasrum	Pagkakaroon ng cultural exchanges, language camps, cultural expos, at iba pa
hindi gaanong naimamarket sa mga mag-aaral ng BUFS	Pagbuo ng sentralisadong international campaigns na maaaring iparaan sa mga embahada ng Pilipinas Maaari ring pag-isipan ang mga kontes hinggil sa paggamit ng wikang Filipino
(Oportunidad)	
suportang pinansiyal	Paglalagak ng mga karampatang politikal at pinansiyal na rekurso mula sa gobyerno
tila "penalized" ang kahusayan sa wikang Ingles ng Pilipinas	Pagpilit sa mga ideolohiya at praktis hinggil sa wika sa pamamagitan ng angkop na GPOA Pagpapalakas sa glokal (bilateral agreements?) na rasyonal kung bakit kailangang pag-aralan ang wikang Filipino.

Isang hámon ngayon, ay kung paano babalangkas ng isang plano at implementasyon na kung saan magmumula sa Pilipinas ang mga inisyatibong ituro at pag-aralan ang wikang Filipino sa labas ng bansa. Sa ganitong pagtatanong, inilalatag ng papel ang isang seryoso at pangmatagalang plano na kung saan sangkot ang lahat ng mga stakeholder upang mas maging episyente, sustainable, at malawakan ang pagtuturo ng wikang Filipino sa global na espasyo. Sa kasalukuyang kalakaran, matingkad na nakaasa sa eksternal na inisyatibo ang karamihan ng oportunidad na maituro ang pambansang wika sa labas ng Pilipinas. Karamihan, kundi man lahat ng mga unibersidad o institusyong nag-aalok ng kurso o subjek na Filipino, ay may malakas na o may lalo pang pinalalakas na mga programa hinggil sa Asya / Timog-Silangang Asya. Sa ganitong pagkakataon lamang nagkakaroon ng puwang ang mga

guro / iskolar mula Pilipinas na makapagtúro sa mga banyagang bansa. Kaya sa maraming pagkakataon, lakas-paggawa pa rin ang papel ng Pilipinas sa ganitong kalakaran. Nag-iimbita ang mga banyagang institusyon upang maging guro ang mga Pilipino roon, dahil kailangan nila ng mga katutubong ispiker na magtuturo ng wikang Filipino. Ibig sabihin, kung walang programa sa labas, walang maituturing na programa ang Pilipinas. Samakatuwid, hindi nagmumula sa Pilipinas ang mga inisyatibo upang maitatag at mainstitusyonalisa ang pag-aaral ng wikang Filipino sa labas ng Pilipinas. Kung magkakaroon ng pagpihit halimbawa mula sa “mababa” at “mahinang” pagtingin ang gobyerno ng Pilipinas hinggil sa wikang Filipino, maaaring maglagak ito ng mga rekursong pampolitikang at pampinansiyal upang ieksport ang pambansang wika. Ibig sabihin, maiiwasang “manatili” sa mga lokal na akademikong institusyon ang kanya-kanyang mga inisyatibo, programa, at proyekto hinggil sa pagtuturo ng wikang Filipino sa labas ng bansa. Kung sa gobyerno magsisimula ang daloy, magiging sentralisado ang anumang plano at implementasyon kung paano “ipakikilala” ang wikang Filipino maging ang kultura ng mga Pilipino.

Makatutulong ang ganitong kaayusan upang maisentro ang lahat ng kakailangang rekurso sa pagtuturo ng wikang Filipino lalo pa’t usapin na ngayon ang *language survival* partikular ng maliliit na bansa sa global na espasyo. Kung hindi kasi nakikita at nauunawaan ng banyagang mag-aaral ang gámit ng wikang Filipino para sa kanya, malabong pag-aralan niya ito. Upang matugunan ito, mainam ang pagpapakete o paglalangkap ng pag-aaral at pagtuturo nito sa iba pang mga paksa o erya ng disiplina hinggil sa mga Pilipino at Pilipinas. Kung kakayanin, maaari ding ituro ang mga aralín sa panitikan, kasaysayan, sosyolohiya, musika, batas, pilosopiya, kulturang popular, at iba pa, nang sa gayon ay mas masipat at mas maunawaan ng mga banyagang mag-aaral ang praktikal na gámit ng pambansang wika para sa kanila. Hindi ito madaling proyekto, dahil liban sa pinansiyal na aspekto, ay nangangailangan ito ng sama-samang pagsisikap at inisyatibo ng mga guro sa Filipino, mga iskolar na nagmumula sa iba’t ibang disiplina, maging ng mga akademiko at kultural na institusyon sa Pilipinas. Ibig sabihin, ideyal kung magiging magkakatuwang sila sa pagbuo ng mahusay na kurikulum hinggil sa wikang Filipino vis-à-vis sa mga paksa hinggil sa Pilipinas. Panahon na upang linawin at palakasin ang katuturan at imahe ng pag-aaral ng wikang Filipino upang mas maipakita ang ganansiya nito sa global na konteksto.

Samakatuwid, tinitindigan ng papel na kagyat ang pangangailangan na gawing sentralisado ang lahat ng mga palisi, programa, inisyatibo, at gawaing pangkomunidad na may kinalaman sa pagtuturo ng wikang Filipino sa labas ng Pilipinas. Maaari na ring pag-isipan ang pagtatatag at pagbubukas ng institusyonal na linangan na matagal nang ginagawa ng ibang mga bansa (e.g., Instituto Cervantes, King Sejong Institute,

Goethe-Institut, Confucius Institute, at iba pa) na mangangalaga sa pagpapakilala at pagtuturo ng kultura at wikang Filipino sa labas ng bansa. Sa katunayan, may malaking papel ding ginagampanan ang mga ambasadador ng Pilipinas sa iba't ibang bansa. Mainam kung naisasama sa kani-kanilang mga general plan of action ang marubdob na pagpapakilala ng kultura at wikang Filipino sa mga banyaga.¹¹

Mula Rito, Pasulong

Nananatiling eksplorasyon ang papel kung paano sisimulan ang isang episyente at pangmatagalang plano sa pagtuturo ng wikang Filipino sa labas ng Pilipinas. Pangmatagalan itong matuturing sapagkat nangangailangan ito ng seryosong paghahanda, kolaborasyon, at implementasyon mula sa iba't ibang stakeholder sa loob at labas ng bansa. Tunay na may lehitimong dahilan (e.g., kultural, politikal, ekonomik) ang mga banyagang bansa upang pag-aralan ang pambansang wika. Hindi kailangang umasa o maghintay pa sa kanilang mga palisi at programa upang maituro ang wikang Filipino. Sa pamamagitan ng isang matatag at opisyal na implementasyon, naniniwala ang mananaliksik na magdudulot ito ng mas maraming inisyatibo at programa (e.g., grassroots at institusyonal) upang maging daluyan at konteksto sa pagtuturo ng pambansang wika sa global na espasyo.

¹¹ Sinasalunguhitan ng mananaliksik ang Proyektong Sentro Rizal ng mga embahada ng Pilipinas sa pagtuturo ng kultura at wikang Filipino. Gayundin naman, nais ding irehistro ng mananaliksik ang naging proyekto ni H.E. Ambassador Tess Dizon De Vega hinggil sa pagtuturo ng wikang Filipino at Philippine Studies sa Humboldt University of Berlin.

- Block, David and Deborah Cameron. *Globalization and Language Teaching*. London: Routledge, 2001.
- Busan University of Foreign Studies Website. <https://www.buufs.ac.kr/>
- Byrnes, Heidi, editor. *Advanced language learning: The contribution of Halliday and Vygotsky*. London: Continuum, 2006.
- Canale, Michael and Merrill Swain. "Theoretical Bases of Communicative Approaches to Second Language Teaching and Testing." *Applied Linguistics*, vol. 1, no. 1, 1980, pp. 1-47.
- Concepcion, Gerard. "Programang Pangwika ng Filipino sa Labas ng Bansa sa Panahon ng Pandemya." Jesus Fer Ramos Seryeng Panayam, 28 August 2020, Online webinar. Lecture.
- Heller, Monica and Bonnie McElhinny. *Language, Capitalism, Colonialism: Toward a Critical History*. Canada: University of Toronto Press, 2017.
- Im, Esther. 2020. "How Multiculturalism Has Fared in South Korea Amid the Pandemic." *Carnegie.org*, 15 December 2020, <https://carnegieendowment.org/2020/12/15/how-multiculturalism-has-fared-in-south-korea-amid-pandemic-pub-83410>. Accessed 21 August 2021.
- Kelly, Louis. *25 Centuries of Language Teaching*. Massachusetts: Newbury House Publishers, Inc, 1969.
- Korea National Assembly Republic Act no. 13944. Korea Legislation Research Institute. 2016, https://elaw.klri.re.kr/eng_service/lawView.do?hseq=38337&lang=ENG. (Accessed September 15, 2021)
- Kramsch, Claire. "Teaching Foreign Languages in an Era of Globalization: Introduction." *The Modern Language Journal*, vol. 98, no. 1, 2014, pp. 296-311.
- Laranjo, Ronel. "Mapping Philippine Studies in Northeast Asia: A SWOT Analysis of Southeast Asian Studies Programs from China, Japan, and Korea." *SUVANNABHUMI*, vol. 12, no. 1, 2020, pp. 111-130.
- Larsen-Freeman, Diane and Donald Freeman. "Language Moves: The Place of Foreign Languages in Classroom Teaching and Learning." *Review of Research in Education*, vol. 32, no. 1, 2008, pp. 147-186.
- Larsen-Freeman, Diane. *Techniques and principles in language teaching*: Oxford, UK: Oxford University Press, 2000.
- Lee, Kwang Sook. "History of Foreign Language Education in Korea." *Foreign Language Education Research*, vol. 18, no. 1, 2015, pp. 37-52.
- Martinez, Ruy. "Dr. Elynia S. Mabanglo Works Tirelessly to conquer the world through Filipino." *Manila Times*, 11 August 2011. <https://www.pressreader.com/philippines/manila-times/20110814/281775625844900>. Accessed 2 Nov. 2020.
- Moeller Aleidine and Theresa Catalano. 2015. "Foreign Language Teaching and Learning." In J.D. Wright (ed.), *International Encyclopedia for Social and Behavioral Sciences 2nd Edition*, edited by James Wright, Oxford: Pergamon Press, 2015, pp. 327-332.
- Ninkovich, Frank. *The Diplomacy of Ideas: U.S. Foreign Policy and Cultural Relations, 1938-1950*. New York: Cambridge University Press, 1981.
- Peregrino, Jovy et al. *Panimulang Pag-aaral ng Wikang Filipino*. Busan City: BUFS, 2016.
- Pimentel, Joseph. "Dr. Ruth Elynia S. Mabanglo, Multi-Awarded Poet and Presidential Awardee." *Asian Journal*, 29 December 2012, <https://www.asianjournal.com/features/people/dr-ruth-elynia-s-mabanglo-multi-awarded-poet-and-presidential-awardee/>. Accessed 21 July 2020.

- Ramos, Teresita and Mabanglo, Ruth. "The Language Learning Framework for Teachers of Filipino." *Journal Southeast Asian Language Teaching*, Special Issue, 2012. http://cotseal.net/cotseal/pages/documents/Journal_of_SEA_Filipino_2012.pdf. (Accessed April 12, 2019).
- Sarabia, Fe. "Filipino language is going global." *Inquirer.Net*, 16 December 2012, <https://globalnation.inquirer.net/59675/filipino-language-is-going-global>. Accessed 1 Nov. 2020.
- Statistical Yearbook of Education. Korean Education Statistics Service. 2020, <http://kess.re.kr>. (Accessed June 5, 2021)
- Titone, Ranzo. *Teaching Foreign Languages: An Historical Sketch*. Washington D.C.: Georgetown Univ School of Language, 1968.
- Trim, John. *Modern languages in the Council of Europe, 1954–1997*. Strasbourg: France Council of Europe, 2007.
- Yap, Fe. *Global Filipino Crossing Borders*. Manila: De La Salle University Pub. House, 2012.

Mga personal na panayam

- | | |
|-------------------------------|--------------------------------|
| Chwe, Ji Won. 8 Nov. 2019. | Lee, Da Yeong. 9 Nov. 2019. |
| Ha, Hyeon Jun. 28 Oct. 2020. | Lee, Im Kyung. 27 Oct. 2020. |
| Hee, Yu Jin. 28 Oct. 2020. | Nam, Seung Hoon. 9 Nov. 2019. |
| Hong, Seong Il. 28 Oct. 2020. | Park, Na Hyeon. 8 Nov. 2019. |
| Hwang, Ji, Eon. 28 Oct. 2020. | Park, Shin Hye. 8 Nov. 2019. |
| Hwang, Soo Bin. 27 Oct. 2020. | Peregrino, Jovy. 17 Aug. 2019. |
| Im, Chae Hyun. 8 Nov. 2019. | Seo, Seung Hye. 9 Nov. 2019. |
| Kang, Moo Seok. Nov. 2019. | Seo, Hee Geun. 27 Oct. 2020. |
| Kim, Dong Yeob. 20 Nov. 2020. | Won, Ju Hyeon. 27 Oct. 2020. |

TUNGKOL SA AWTOR

Si **Gerard P. Concepcion** ay nagkamit ng mga digring Bachelor of Secondary Education, MA Philippine Studies, at PhD Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Noong mga taong 2019 hanggang 2020, nagturo ng kultura at wikang Filipino sa mga Koreanong mag-aaral bilang Visiting Professor sa Busan University of Foreign Studies sa South Korea. Kasalukuyang nagsisilbi bilang Associate Professor at Tagapag-ugnay ng Larangan ng Wika sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, UP Diliman.